


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 6

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan - Modyul 5

### Ang mga Tungkulin ng Mamamayang Pilipino



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Araling Panlipunan – Ikaanim na Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 5: Ang mga Tungkulin ng Mamamayang Pilipino**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Mariecris L. Madorable | |
| **Editor:** | Jasyl Jane S. Cadavedo | |
| **Tagasuri:** | Vilma C. Velasco | |
| **Tagalapat:** | Kevien Ian I. Albon | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan | -Schools Division Superintendent |
| | Lourma Poculan | -Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | -Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | -Chief Education Supervisor, SGOD |
| | Ronillo S. Yarag | -Education Program Supervisor, LRMS |
| | Leo Martinno O. Alejo | -Project Development Officer II, LRMS |
| | Petrush Macute | - Public Schools District Supervisor |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Telefax: (065) 212-6986
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph

**Aralin 5**

# Ang mga Tungkulin ng Mamamayang Pilipino



## *Alamin*

Sa pamamagitan ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

Napahahalagahan ang pagtatanggol at pagpapanatili sa karapatang pantao at demokratikong pamamahala

- Nasasabi ang mga tungkulin ng mamamayang Pilipino



## *Balikan*

**Panuto:** Markahan ng (/) ang patlang kung ang tinutukoy ay isang karapatan at (x) kung hindi.

_____ 1. Iboto ang napiling kandidato.
_____ 2. Mag- alsa o lumaban sa pamahalaan
_____ 3. Mag- aral o tumuklas ng mga karunungan
_____ 4. Pumili ng relihiyon
_____ 5. Magpahayag ng mga niloloob
_____ 6. Pumili ng mga kaibigan
_____ 7. Bumili ng mga ari- arian tulad ng sariling bahay , kotse at lupa
_____ 8. Gawin ang lahat ng naibigan kahit makasakit ng kapwa
_____ 9. Maghalughog ng gamit ng kapwa kahit walang pahintulot
_____ 10. Kumandidato at lumahok sa halalan



## *Tuklasin*

Bilang isang mabuting mamamayan, alam mo ba ang mga tungkulin at pananagutan mo at ng iyong kapwa? Lagyan ng (/) ang patlang kung ang tinutukoy ay mga tungkulin at pananagutan at (x) kung hindi.

_____1. Hindi dapat igalang ang watawat at maglaro sa tuwing may flag ceremony.
_____2. Pumasok nang nakauniporme.

_____3. Pagmamano o paghalik sa kamay ng mga nakakatanda.
_____4. Iwasang bumoto sa panahon ng halalan.
_____5. Kailangang magbayad ng buwis sa pamahalaan ang bawat mamamayang may hanapbuhay.



# *Suriin*

## Mga Tungkulin at Pananagutan ng Mamamayan

Ang bawat karapatan ay may katumbas na tungkulin at pananagutan. Dapat gampanan ng mga mamamayan ang kanilang tungkulin sapagkat pinaglilingkuran at pinangangalagaan sila ng pamahalaan.

**Pagsunod sa Batas**

Tungkulin ng bawat mamamayang Pilipino na sumunod sa mga batas na pinaiiral ng pamahalaan. Pangunahin sa mga batas na ito ang Saligang Batas. Nakasaad dito ang Katipunan ng mga karapatan at ang tungkulin ng mga pinuno at ng mga mamamayan.

May mga batas ding pinagtibay ng Kongreso ng Pilipinas. Halimbawa, may batas na nag-uutos sa lahat ng Pilipino na 18 taong gulang na dapat kumuha ng sedula. May batas din tungkol sa pagbabayad ng buwis sa anumang kinikita.

Ang mga munisipyo at lungsod ay may kaniya-kaniya ring batas na pinaiiral. Halimbawa, may batas na nagbabawal sa pagtatapon ng basura sa mga lansangan at may mga batas ding pantrapiko.

Maging sa paaralan, inaasahang susunod ang mga guro at mag-aaral sa mga alituntunin nito. Halimbawa, kailangang pumasok nang nakauniporme ang mga guro at mag-aaral. Sa maraming paaralan, may alituntunin tungkol sa pagliban sa klase at iba pa.

May mga batas o panuntunan ding sinusunod sa bahay, sa barangay, sa simbahan, at mga organisasyon. Nakatutulong ang mga batas na ito sa paghubog ng kilos at gawi ng mga tao.

**Paggalang sa mga Sagisag ng Bansa**

Dapat igalang ang watawat, pambansang awit, at iba pang sagisag ng bansa sapagkat kumakatawan ang mga ito sa kasaysayan at kasarinlan ng bansang Pilipinas. Dapat isaisip na ang pambansang kasarinlan ay nakamit kapalit ng buhay na ibinuwis ng mga bayaning Pilipino. Sa pamamagitan ng paggalang na ito, naikintal sa isip ang kahalagahan ng Kalayaan at ang katotohanang ito'y patuloy na dapat pangalagaan.

**Paggalang sa May Kapangyarihan**

Tungkulin ng mamamayang igalang ang awtoridad ng nakatatanda o may katungkulan tulad ng mga magulang, guro, pangulo ng Pilipinas, punong-barangay, alcalde, miyembro ng gabinete, at iba pang opisyal ng pamahalaan. Dapat ding igalang ang mga hukom, pulis, at mga tanod. Kailangang igalang ang kapwa tulad ng paggalang na ibig natin mula sa ibang tao. Ang paggalang sa kapwa ay nagpapakilala rin ng paggalang sa sarili.

**Pagiging Tapat sa Bansa**

Maipapakita ng isang mamamayan ang katapatan sa bansang Pilipinas sa pamamagitan ng pagtupad sa mga tungkulin. Sapagkat iba-iba ang tungkulin ng mga mamamayan batay sa kanilang kasanayan at kakayahan, sa iba-ibang pamamaraan din naipahahayag ang katapatan sa bansa. Ang isang negosyante, halimbawa, ay nagpapakita ng katapatan sa bansa kapag nagbabayad siya ng tamang buwis. Isa pang halimbawa ay ang pagsunod sa mga batas-trapiko, ang pangangalaga sa mga pag-aari ng bayan tulad ng palaruan, at ang pagbibigay-galang sa mga sagisag ng ating bansa tulad ng watawat at pambansang awit.

**Paglilingkod sa Bansa**

May dalawang uri ang paglilingkod sa bansa: serbisyong military at serbisyong sibil. Ang mga naglilingkod sa Philippine Navy, Philippine Army, at Philippine Airforce ay nasa serbisyong military. Ang mga guro, doctor, nars, kartero, at iba pang kawani ay nasa serbisyong sibil.

Ang isang bata'y maaari ding maglingkod sa bansa. Maaari siyang sumali sa mga proyekto ng barangay o munisipyo. Ang pagtatanim o paglilinis ng bakuran at pagsaway sa sumisira ng halaman o hardin napag–aari ng bayan at anumang kagamitan sa liwasang-bayan ay masasabing paglilingkod sa bansa.

**Pagbabayad ng Buwis**

Kailangan ng pamahalaan ang salapi upang matugunan nito ang pangangailangan ng mga mamamayan.

Saan nagmumula ang salaping ito?

Nagmumula rin sa mga mamamayan ang salaping ito. Kailangang magbayad ng buwis sa pamahalaan ang bawat mamamayang may hanapbuhay. May buwis tungkol sa paninirahan sa Pilipinas, sa lupa at bahay, sa kinikita mula sa propesyon o negosyo, sa mga minanang ari-arian, at sa pagbili at pagbebenta ng paninda o mga ari-arian. Sa pagbili mo ng anumang bagay o produkto, o pagtangkilik sa ibang serbisyo, may halagang dagdag sa ibinayad mo ang nakalaan para sa buwis.

**Pagtulong sa Kaunlaran at Kagalingan ng Bansa**

Ang bawat mamamayan ay inaasahang tumulong sa pamahalaan at sa mga programa nito. Ang pagtatayo ng maliit na negosyo ay nakatutulong sa industriyalisasyon ng Pilipinas. Ang pagtatanim ng mga puno at gulay ay nakatutulong para maiwasan ang kakulangan sa pagkain at iba pang produkto.

**Pagboto nang Buong Talino at Katapatan**

Ang pagboto ay isang karapatan at tungkulin. Ito ay pagkakataong ibinibigay sa mga mamamayan na pumili ng manunungkulan sa pamahalaan at ipahayag ang kanilang niloloob tungkol sa mga susog sa Saligang Batas, mga panukala, o bagong patakaran. Ang natatanging paraan ng pagboto upang ihayag ang mga opinion o desisyon sa isang isyu ng mga mamamayan ay tinatawag na ***plebisito*** o ***reperendum***.

Tungkulin ng bawat mamamayan ang magpatala at bumoto sa isang halalan. Dito nakasalalay ang kinabukasan ng bayan. Kung mahusay ang nahalal na pinuno, magiging maunlad ang bayan. Kung hindi, maaaring maghirap ang bayan.

Kailangang pumili ng mga pinuno batay sa kanilang katangian, karakter, at mga plano para sa taong-bayan. Mahalagang pag-aralan munang Mabuti and dalawang bagay na ito bago bumoto ang isang tao.

**Iba pang Tungkulin**

May ilan pang mga tungkulin ang mga mamamayan na hindi pinag-uutos ng batas. Kabilang dito ang mga sumusunod:

- Alamin ang mahahalagang mga batas ng bansa at ng sariling pamayanan
- Gamitin ang kaalaman at kasanayan para sa kagalingan ng nakararami
- Makilahok sa mga proyekto sa barangay at pag-uusap tungkol sa paglutas ng mga suliranin sa pamayanan
- Piliting malinang ang damdaming makabayan



# Pagyamanin


**Panuto:** May iba't ibang isyu at saloobin tungkol sa pagtatamasa ng ating mga karapatan at pagtupad ng mga tungkulin. Ibigay ang sariling paliwanag, reaksyon, o opinion sa mga kasabihang ito:

1. "Huwag mong itanong ang magagawa ng bayan mo para sa iyo. Itanong mo kung ano ang magagawa mo para rito." (John F. Kennedy)
2. "Ang pagboto ay isang karapatan at isa ring tungkulin."



3. "Aming ligaya na pag may mang-aapi, ang mamatay nang dahil sa iyo." (Lupang Hinirang)
4. "Kaysarap mabuhay sa sariling bayan." (Jose Rizal)

# Isaisip

**Panuto:** Lagyan ng masayang mukha () ang patlang kung ang pahayag ay nagpapakita ng tungkulin at malungkot na mukha () kung hindi.

_____ 1. Magbayad ng buwis ayon sa gusto mong ibigay.
_____ 2. Bumoto nang buong talino at katapatan.
_____ 3. Igalang ang mga may kapangyarihan.
_____ 4. Sumunod sa mga batas kahit napipilitan.
_____ 5. Tumulong sa pag-unlad at kasamaan ng bansa.


# *Gawain*

**Panuto:** Pag-aralan ang bawat larawan. Isulat ang tungkuling isinasaad ng bawat isa. Magbigay ng inyong pansariling opinion o reaksyon tungkol dito.

1. 

2. 

3. 



4. 



## Tayahin

Panuto: Pag-aralan ang bawat pangyayari. Tukuyin kung ang inilalarawan ay ***Tungkulin*** o ***Karapatan***.

_____ 1. Si Mang Jose ay masipag. Sa araw, siya ay kawani sa munisipyo. Kung gabi naman, namamasada siya ng traysikel para madagdagan ang kaniyang kinikita dahil Malaki ang kaniyang pamilya.

_____ 2. Ipinasok ni Aling Nena ang kaniyang dalawang anak sa Mababang Paaralan ng San Agustin dahil alam niyang libre ang edukasyon ng mga bata sa mga pampublikong paaralan.

_____ 3. Sisikapin ni Jojo na makatapos ng pag-aaral dahil kailangan niyang tulungan ang kaniyang ina sa pagpapaaral sa nakababata pa niyang kapatid.

_____ 4. Nagpakasal si Roman, na dati'y Katoliko, sa isang seremonyang Muslim dahil sumapi na siya sa relihiyong Islam.

_____ 5. May proyektong "Alay Tanim" ang *Science Club* na sinalihan ni Jaypee kaya nagdala siya ng limang punla ng *mahogany*.

_____ 6. Tumatawid si Jay sa tamang tawiran at kung nagbibigay ng hudyat ang *traffic aide* na maaari nang tumawid.

_____ 7. Bibili ng bagong kotse si Roy dahil luma at sira na ang ginagamit niyang sasakyan.

_____ 8. Ang mga taong salungat sa APEC ay sama-samang tumungo sa Subic upang ipahayag ang kanilang saloobin.

_____ 9. Masayang binati ng mga mag-aaral ang kanilang guro.

_____ 10. Pumapasok nang maaga ang mga kawani ng pamahalaang panlungsod



## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Sumulat sa isang malinis na papel ng isang sanaysay tungkol sa iyong panalangin o pangarap para sa bansa sa kasalukuyan.

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

______________________________________________________________ .

**Rubrik sa Pagmamarka ng Pagsulat ng Sanaysay**

| | |
|---|---|
| Wasto at makabuluhan ang nilalaman | 2 |
| Sapat ang mga niibigay na detalye | 2 |
| Maayos ang daloy at organisasyon, wasto ang gramatika at mga bantas | 1 |
| **Kabuuang Puntos** | **5** |

# Susi sa Pagwawasto

**Balikan**

1./
2./
3./
4./
5./
6. /
7. /
8. x
9. x
10. /

**Tuklasin**

1. x
2. /
3. /
4. x
5. /

**Pagyamanin**

Depende sa sahot ng bata

**Isaisip**

1. ☹
2. ☺
3. ☺
4. ☹
5. ☹

**Gawain**

Depende sa sagot ng bata

**Tayahin**

1.tungkulin
2.karapatan
3.tungkulin
4.karapatan
5.tungkulin
6.tungkulin
7.karapatan
8.karapatan
9.tungkulin
10.tungkulin

# SANGGUNIAN


Pilipino sa Isip, sa Salita, sa Gawa 6
Ikatlong Edisyon Batayang Aklat
Pages 179-188

https://www.google.com/search?q=cleaning+the+community+clip+art+black+and+white&tbm=isch&ved=2ahUKEwj1mrXVr8ruAhVbzmEKHc1UBCMQ2-cCegQIABAA&oq=cleaning+the+community+clip+art+black+and+white&gs_lcp=CgNpbWcQAzoGCAAQBxAeOggIABAHEAUQHjoCCABQuo4DWMSxA2DJtwNoAHAAeACAAfABiAGLFpIBBjAuMjEuMZgBAKABAaoBC2d3cy13aXotaW1nwAEB&sclient=img&ei=N9YYYLWjEtuchwPNqZGYAg&bih=658&biw=1280&rlz=1C1CHNY_enPH906PH906